

# Benepisyo sa Emergency na Broadband Impormasyon ng Consumer

Ang Benepisyo sa Emergency na Broadband ay isang pansamantalang programa ng FCC para matulungan ang mga pamilya at sambahayan na nahihirapang bayaran ang serbisyo ng broadband na internet sa panahon ng pandemya ng COVID-19.

Nagbibigay ang Benepisyo sa Emergency na Broadband ng:

- Diskwentong hanggang $50/buwan para sa serbisyo ng broadband;
- Diskwentong hanggang $75/buwan para sa mga sambahayan sa mga kwalipikadong Ansestral na lupain (Mga tribal land); at
- Isang beses na diskwentong hanggang $100 para sa isang laptop, desktop computer, o tablet na binili sa pamamagitan ng kasaling provider kung ang sambahayan ay nag-aambag ng mahigit $10 ngunit mas maliit sa $50 sa presyo ng pagbili.

Limitado ang Benepisyo sa Emergency na Broadband sa diskwento sa isang buwanang serbisyo at diskwento sa isang device kada sambahayan.

**Sino ang Kwalipikado?**

Kwalipikado ang isang sambahayan kung natutugunan ng isang miyembro ng sambahayan ang isa sa mga pamantayan sa ibaba:

- May suweldo na nasa o mas mababa sa 135% ng Federal Poverty Guidelines o lumalahok sa ilang partikular na programa sa pagtulong ng gobyerno, gaya ng SNAP, Medicaid, o Lifeline;
- Nakakatanggap ng mga benepisyo sa ilalim ng mga libre at binawasang presyo na programa sa pananghalian sa paaralan o programa sa almusal sa paaralan, o nakatanggap nito noong school year 2019-2020;
- Nakatanggap ng Federal Pell Grant sa kasalukuyang taon ng paggagawad;
- Nakaranas ng malaking kawalan ng kita dahil sa kawalan ng trabaho o furlough mula noong Pebrero 29, 2020; o
- Natutugunan ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado para sa kasalukuyang programa ng kasaling broadband provider para sa mababang kita o sa COVID-19.

Pumunta sa www.fcc.gov/broadbandbenefit para sa **FAQ ng Consumer** at iba pang resource tungkol sa programa.

**Tatlong Paraan para Makapag-apply**

1. **Makipag-ugnayan mismo sa iyong gustong kasaling broadband provider** para matuto tungkol sa kanilang proseso ng pag-apply.
2. **Pumunta sa GetEmergencyBroadband.org** para mag-apply online at para makahanap ng mga kasaling provider na malapit sa iyo.
3. **Tumawag sa 833-511-0311 para sa mail-in na application**, at isauli ito kasama ang katibayan ng pagiging kwalipikado sa:

   Emergency Broadband Support Center
   P.O. Box 7081
   London, KY 40742

**Tumawag sa 833-511-0311**

**o maghanap ng higit pang impormasyon tungkol sa Benepisyo sa Emergency na Broadband sa www.fcc.gov/broadbandbenefit**